Babilonia ay bagsak na
by: Kate u/v Kaia

1. **PANGALAN**: Ang pinaka susi sa buong systema/Crown Corporation'S na laro. Ang PANGALAN ay ang gulugod o pundasyon sa buong legal/kontrol na gusali. Kapag walang LEGAL NA PANGALAN, na kung saan ang iyong paghintulot sa pagsang-ayon sa sinabing PANGALAN, ang bampirang systema ay literal na hindi makakain ang iyong dugong buhay/likha ng enerhiyang bukal na karaniwang makikita sa pisikal na mga materyales na ating kinokolekta. Ang iyong PAHINTULOT upang maging/magamit/magkaroon ng LEGAL NA PANGALAN/Marka ng Halimaw ang kailangan para sa iyong tiyak na espiritwal na kontrata/kasunduan sa motibo ng demonyo na maging lubos na makapangyarihan at maging bunga sa iyong pagka-ALIPIN at ang mga ito bilang AMO. Para sa patunay na ito, tingnan mo kung gaano karami sa iyong buhay ang pagsangkot ng isang LEGAL NA PANGALAN at makikita mo ang labis na kontol ng systema na mayroon sa iyo.

2. **REHISTRO/PAGPATALA atbp**: Anuman/lahat ng mga bagay na nakarehistro ay GANAP NA PAGSUKO na may pahintulot sa Crown Corporation sa WALANG legal na pag-dulog hanggang sa mga bagay ay maialis sa pamamagitan ng paglantad ng LAYUNIN ng mga nagsisilbi sa Crown Corporation na nagsasagawa ng panlilinlang sadya man o hindi sadya.
hal: Ang isang bata na NAKAREHISTRO ay PAGAARI NG CROWN sa mangmang na pahintulot kung saan ang katotohanan ng PAGPATALA ay hindi inilahad ang tunay na LAYUNIN ng mga MAY-ARI NA NAGLILINGKOD SA CROWN CORPORATION na ialay ng mga tao ang kanilang mga anak na walang kaalaman sa pag-alipin sa kaluluwa, at gayon, sa katawan. Sa kaluluwa pawang sila ang may habol, kaya ito ay pagkatandaan.

3. **PERA, GINTO PILAK, PAGAARI, BITCOIN atbp** ay LAHAT illusion ng halaga kung nasaan IKAW ang tunay na lumikha ng lahat ng mga pisikal na tanyag. Ang pera, panlabas na halaga, ang siyang naging kasangkapan at nanghimasok para limasin ang iyong kapangyarihan. Ang pera o anuman gaya nito ay may halaga sa isa kung ito ay nalinlang sa ganitong pagiisip. Itong ilusyon ay isang malaking gambala at mangwawasak ng lumikha ng buhay at kaluluwa. LAHAT ng pera ay batay sa KONTRATA ng kaluluwa na karaniwang kilala bilang KATIBAYAN NG KAPANGANAKAN (BIRTH CERTIFICATE)

4. KATIBAYAN NG KAPANGANAKAN: Ang KONTRATA sa KASALANAN ORIHINAL. Ang PANGALAN na iyong akala at inaangkin na iyo ay HINDI mo sariling likha. Ang iyong "INAKALANG PANGALAN" ay nilikha ng iyong mga magulang/pamilya/kamag-anak, HINDI IKAW. Ito ay isang orihinal na likha na hayag ng iba, samakatuwid, ang pag-REHISTRO ay pagsasalin sa PAG-ARI sa CROWN CORPORATION gaya ng naunang pagpahayag. Sa ganitong klase ng paglilinlang ang IYONG kaluluwa ay naging at siyang bihag na kung saan ang LAHAT NG PERA/UTANG ay nilikha. Ang DEBT BOND "VALUE" ay iniligay sa KATIBAYAN NG KAPANGANAKAN hango sa inaasahang pagtubo ng mga BUWIS at mga UTANG na ang isang bata ay inaasahan na magbayad hangga't sila'y bahagi ng pandaraya sa sangkatauhan.
hal: Kung ang isang tao ay inaasahan na magbayad ng isang tiyak na halaga ng buwis at iba pa sa buhay nila, ang BONO (Bond) ay binigyan ang UTANG ng HALAGA. Ang isang bata na ipinanganak sa isang mayaman na pamilya ay magkakaroon ng mas mataas na "DEBT BOND VALUE" kaysa sa isa na may kakaunting "income bracket" o kaunti lamang ang sinasahod. Ito ay aliping pangkalakalan na siyang nagbubuklod at nagsasakop sa sangkatauhan ng mga ALIPIN/LAHI/KAPAMAHALAAN systema na sumasaklaw sa planeta.

5. ATASAN AT KONTROL: Ang hukuman at pamahalaan ay mga alipin ng systemang nasasakop, binili at binayaran kung saan ang tunay na atasan at kontrol ay ang mga PULIS/MILITAR bilang mga asong nangunguna sa pila at kontratista ng pananakot para sa mga mas mataas sa hukuman at pamahalaan tulad ng mga BANGKO/RELIHIYON at sa mga namamahala nito. Ang mga hukuman at mga pamahalaan ang siyang tagapuno at palaman para sa "sanwits" ng panlilinlang at maling haka-haka. Kapag walang kakayahan sa pagkontrata sa pamamagitan ng anuman/lahat ng PANGALAN sa unang antas pa lang ng linya, ang buong systema ng pagkontrol ay babagsak, at ang pinaka ay ang mga nasa itaas at nasa tuktok ng tagilo (pyramid) ng espiritwal na pang-aalipin. Kapag wala ang PANGALAN, lahat ng antas sa itaas ay ganap na mapupuksa ng lubusan.

6. ANG TATLUHING KORONA: Ito ay binubuo ng ROMA, LUNGSOD NG LONDON CROWN CORPORATION at WASHINGTON DC. Ang mga ito ay ang tatluhang hindi banal ng 3 sa 1, 1 sa 3 na malinaw na isinalarawan sa Papal Crown: Relihiyon, upang sugpuin ang paniniwala, mga isip at kabanalan ng sangkatauhan, ang Hukuman at Bangko upang ma-kontrol ang pera/bono at sa Pulis/Militar upang lupigin ang paghihimagsik at kumilos sa unang linya bilang

kontratista at taga hugot ng mga kaluluwa.

7. MGA PAMUNUAN NG KADILIMAN: Ito ang tunay na likas na katangian ng laro na ang kalakhan ng sangkatauhan ay bulag. Ang Relihiyon ay ginamit upang ilayo ka sa pinagmulan mo sa pamamagitan ng paniniwala na ang "diyos" ay nasa panlabas na kaanyuan at gamitin ito na "tagapagligtas" para mapalakas ang programa. Ang pera ay ginamit na kasangkapan upang panatilihin ang mga tao sa pisikal na kaharian lamang, sa pagkuha sa mga ito para maihalintulad ang panlabas na halaga sa lahat ng bagay kung saan walang mamamalagi kapag wala ang mga tao at ang kanilang pagiging malikhain. Ang pisikal na kamatayan at pananakit ang ginamit upang mapabagsak ang tunay na kakanyahan na kung saan ang lahat ay sariling nilalang. Ang ginamit na sangkap ay mga wika na may katiwalian sa walang bahid na kalimitang hangad na may maraming kahulugan ng parehong tunog/daloy, paggamit ng mga salita at pagbaybay ng pantig (letra por letra), kaya nabuklod at nasakop tayo at isinalin ang ating enerhiya sa KANILANG mga nilikha at kapangyarihan. Ang ganitong katauhan ay HINDI makakalikha ng anuman dahil sila ay pawang na walang kaluluwa, at sa gayon, lubos na walang kapangyarihan. Alam nila ito at ganap na sila ay natatakot dahil ito ang baybay ng kanilang tadhana, minsan pa at wakas. Tayo ang diwa ng buhay at sila na may ganitong katauhan ay diwang walang buhay/kaluluwa/espiritu. Sila ay GANAP AT LUBUSAN NA UMAASA sa pagkuha sa ating PAHINTULOT o pang
espirituwal na kontrata/kasunduan at ito ay madaling makakamit sa pamamagitan ng PAGLILINLANG SA PANGALAN, pagbili sa mga tao, pansariling kaginhawaan atbp.
Ang kanilang buong bahay ng mga baraha/tagilo ay BATAY sa katotohanang ito. Tayo ang gasolina sa kanilang sasakyan/systema. Kapag walang espiritwal na gasolina, sila ay mangalipol.

Ang pinakamalaking programa na itinala sa masa ay ang kawalan na paniniwala sa kanilang sariling kapangyarihan at kung sino silang tunay. Isang mapangahas na trabaho ang ginawa upang makuha ang sangkatauhan sa antas ng espirituwal na kahinaan at kumpletong kamangmangan. Ito ang layunin na dungisan ang sinaunang katotohanan, baguhin ang nakaraan at ang pagtatanghal nito sa mga paaralan, mga simbahan at lahat ng mga antas sa pansariling academia. Paulit ulit na kasinungalian at ang mga tao ay mapapaniwala nito. Mas madali ang pagbebenta ng isang malaking

kasinungalingan sa masa kaysa sa pagbenta ng isa-isa. Ang media ay ang pinaka-kasangkapan sa pagdireksiyon ng diwa at manipulasyon para mapalakas ang mga kasinungalingang pinupuno nito mula ng pagkabata hanggang sa kasalukuyang estado.

Marami dito sa sangkatauhan ang mga walang kaluluwa at karamihan ay inilagay sa mga position ng kapangyarihan at kontrol, maging ito ay ang mga pulis, hukuman, media, relihiyon, pamahalaan, paaralan, militar sa LAHAT ng antas. Pananakot ang kanilang tanging sandata at kapag ang isa ay namulat sa sariling katotohanang walang kamatayang kalikasan, hindi ito mahahawakan; literal. Ang kabuuang hipnotismo sa sangkatauhan ay malalim at iyong mahaharap ang lahat ng antas ng pagtutol mula sa mga kaibigan, pamilya, katrabaho atbp kaya huwag mag-abala na subuking gisingin ang yaong mga patay na. Ang mga katotohanan upang patunayan ang mga ito ay andito na para lahat ay makakita, kaya sila na ang bahalang tumingin, hindi ikaw. Itanim mo lang ang binhi, at maglakad ng palayo. Ang mga ito ay kasintulad din ng mga tao sa alegorya ng Noah na nagpunta sa arko ngunit huli na; hayaan silang malunod.

Tayo ngayon ay nasa paghantong na ng pagwasak sa mga ganitong sangkatauhan, wakas na at hinihila na nila ang lahat ng puedeng katakutan, ilusyon, kawalang pag-asa at dahil dyan inilulubog nila ang kanilang sariling barko kung saan ako ang magaabot sa kanilang tali ngayon. IKAW at tanging ikaw lang ang makapagliligtas sa iyong sarili at walang sino man ang makapagpipigil sa iyo na sumubok ng sumubok. Hayaan mo na ilibing ng patay ang kapwa patay, maari makuha nila ang ibig sabihin nito sa susunod na paglipas ngunit ang mga ito ay hindi mo intindihin. Manatili sa landas. Ang landas pauwi ay siyang nagiisa sa katotohanan at tanging wala ng iba pa. Ang kagustuhang tumayo sa katotohanan ay tanging sa iyo lamang at sa kalagayan ng iyong pagtayo ay magiging katulad sa kalagayan na ikaw ay hindi nila mahahawakan espirituwal, at ang resulta, pati pisikal. Kagaya sa langit, gayon din sa lupa sa kabila ng lahat.

Walang "gitna lupa" dito, ikaw ay alinman sa loob o sa labas ng Babilonia. Ikaw ay alinman ang amo o alipin, may kamatayan o walang kamatayan. Ang kaluluwa, IKAW, ay walang katapusan na kung saan ang katawan ay tanging isang “biological computer” na pinapatakbo mo. Ang iyong kompyuter ay niloob at dinungisan (reptilyang utak sanga/fused kromosoms) at nakahiwalay

sa pamuhatang pagiisp ng puso. Ang walang kaluluwa sa buhay ay hindi maaaring makaranas ng pakikiramay kaya huwag asahan ang mga ito. Ang mga ito ay ang kapareho ng Terminator droids sa mga pelikula, inatasan na magsupil at pumatay ng walang pagsisisi at sila ay madaling makita. Sila ay nasa paligid kabilang ang iyong sariling pamilya, mga kaibigan atbp at ang kailangan mo lang gawin ay "makiramdam" na siyang daan mo. Hayaan mo ang iyong pakiramdam at ang iyong puso ang maging gabay mo.

Binibigyan liwanag na natin ang katotohanan ng mga salot na kung saan ang pandaigdigang batas ay naghahari ng lubos at kung saan walang dapat at maaaring pumasok. Sila ay panginoon ng panlilinlang kaya huwag hayaan ang iyong mapagmahal at mapagparamay na gamitin laban sa iyo, isang bagay na kaya nilang gawing pinaka-malakas na kasangkapan. Ang bio-Borg entity ay walang nang buhay at nakasalalay lamang sa kakayahang pagsipsip sa buhay na kung anong mayroon ka ngunit, tulad ng isang bampira, hindi nila kayang pasukin ang iyong kamunduhan ng walang pahintulot o imbitasyon mula sa iyo. Ang tuwinang paggamit ng legal na PANGALAN ang siyang tanging imbitasyon na kailangan nila kaya pinakamahusay na putulin ang anumang koneksiyon at pag-ayon sa mga ito. Ang makuha mo lang ang konseptong ito ay naputol mo na ang tali ng papet/manyika at ang iyong abilidad ay sadyang magbabalik agad sa kaugnayan ng iyong kakayahan na maging responsable sa iyong wagas na kapangyarihan.

Para sa "mga naglalakad na patay" (at alam ninyo kung sino kayo), ang oras mo ay tapos na, ang iyong panlilinlang ay walang kapangyarihan at sa bawat sandali, ikaw ay binubura sa kamalayan, ikaw na lintang nanghihimasok. Kami, ng mga buhay na kaluluwa, ay mulat, may kamalayan at ibinabalik ang aming katotohanan kung saan ang sa iyo ay hindi kailanman namalagi. Sa maikling salita, oo, ikaw ay tiyak na mapapahamak.
Magandang araw sa iyo! Kate!!!